

Risoma para sa mga Puno

Mga Konsepto nina Deleuze-Guattari para sa Ekolohiya ng Lungsod Naga, Bikol

Paz Verdades Santos

Abstrak

Tinatalakay ng papel kung paano maaaring magamit sa kampanyang pang-ekolohiya ang mga pagsasateorya nina Deleuze at Guattari, partikular ang dalumat ng tatlong ekolohiya, panitikan ng minorya, at ekosopiya. Inilalarawan ng papel ang aktuwal na pakikibaka at pakikisangkot ng may-akda upang sagipin ang Ilog Naga sa pagbuo ng *Susog Salog: The Naga River Arts and Culture Initiative*, ang matatandang puno sa pagpapalapad ng mga kalsada ng Lungsod Naga sa pagkakabuo ng They Grey, We Green (Gana Berde, Abo Pyerde), at Save 651, at iba pang kampanya para sa edukasyong pangkalikasan. Inilalarawan ng papel kung paano maaaring gumana ang dalumat ng risoma sa pagsulpot ng mga kilusang pangkalikasan sa Lungsod Naga, nang walang namumuno, walang herarkiya, walang demokratikong sentralismo, at walang linyang pampolitika. At sa huli, habang pinapansin na wasto at makatuwiran pa rin ang pagsusuring Marxista ng mga uri, bumabaling ang papel sa panawagan ni Guattari para sa mga bagong simulain upang maglingkod sa sangkatauhan, isang sistema na hindi nakaugat sa salapi, bagkus ay sa panlipunan at pang-estetikang pakinabang na maaaring payamanin ang sangkatauhan sa pamamagitan ng proseso at matulungang makaligtas sa krisis pang-ekolohiya at panlipunan.

Mga Panandang Salita: kampanyang pang-ekolohiya, ekosopiya, tatlong ekolohiya, risoma, panitikan ng minorya, Deleuze at Guattari, mala-diyablóng estruktura ng paparating, etika ng saya, papasapit-palang-na-mga-tao

Isang pagtatangka ang papel na ito na isateorya ang lokal na kampanyang pang-ekolohiya sa Lungsod Naga na nagsimula noong 2017. Nais kong magsimula sa isang pabatid bilang paglalahad ng subhektibidad ko. Bagamat apat na dekada na akong kasapi ng akademya, kumilos din ako bilang kabahagi ng isang komunidad sa labas nito; noon, sa kilusan laban sa pasista at imperyalistang mala-puno ang estruktura, at ngayon bilang volunteer naman sa kampanya para sa ekolohiya ng Lungsod Naga sa Kabikolan. Ikalawa, panitikan at hindi talaga pilosopiya ang pinag-aaralan at itinuturo ko. Ngunit anumang gumagamit din ang mga nasa panitikan ng mga konseptong pilosopiko sa pagbabasa at pagsusuri. Baguhan din ako kina Deleuze at Guattari kaya't pagpasensiyahan na ang mga makikitang kakulangan. Ikatlo, para sa akin, limitado ang gawaing pang-akademya kung hindi nagdudulot ng aksiyon at pagbabago. Kaya't paghahalo ng akademya, sining, at aktibismo ang naging pagkilos ko.

Mapupunang lumalaki at “umuunlad” ang Lungsod Naga sa Bikol. Bitbit ng urbanisasyon ang karaniwang mga suliranin ng malalaking lungsod. Halimbawa, mas maraming sasakyan sa kumikitid nang mga daan, trapik, polusyon, at basura. Kaugnay nito, isa sa mga suliranin ng Naga na humantong sa pagkakalimbag sa pambansang pahayagan ang walang pakundangang pagputol ng mga puno upang palaparin ang mga daan at iba pang proyektong pang-impraestruktura (*Inquirer*).

Higit sa limang taon nang balak na palawakin ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang mga pambansang daan sa Lungsod Naga, na itinuturing na “Lungsod ng mga Puno”; may puno pa nga ng nara sa opisyal na sagisag ng lokal na pamahalaan. Noong 2012, natuklasan ng isang grupo ng mga taga-Naga na balak ng DPWH na magputol ng daan-daang puno, kaya't binuo ng grupo ang kampanyang Save 651. Nagtagumpay sila sa pagsagip ng 651 na matatandang puno. Kakampi noon ng kampanya ang lokal na pamahalaan ng Naga at ang Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Ngunit, noong 2017, limang buwan pagkatapos ng mapinsalang bagyong Nina noong Pasko 2016, biglang ipinaubaya ng lokal na gobyerno ng Lungsod Naga sa DPWH ang pagputol ng higit sa 50 puno sa Magsaysay Avenue, ang tinaguriang “Tomas Morato” ng Naga. Dahil hindi nagkaroon ng abiso, konsultasyon, o anumang patalastas, nagulantang ang mga taga-Naga. Nailunsad na lamang ang protesta pagkatapos na ng pagpuputol. Naghugas-kamay ang Mayor at itinuro ang DPWH bilang may kagagawan nito. Bilang depensa, sinabi ng DPWH na kailangang putulin ang mga puno upang palawakin ang kalsada at mabawasan ang trapik, iligtas ang mga tao mula sa mamamatay-tao raw na mga puno tuwing panahon ng bagyo, at upang magtayo ng malalaking kanal na, kung tutuusin, natapos na bago pa putulin

ang mga puno. Wala rin namang nangyaring pagpapalawak ng daan noong 2017 at 2018. Nasa daanan pa rin ang mga poste ng kuryente ngayong 2018, patuloy na lumalala ang trapik, at walang maayos na bangketa para sa mga naglalakad. Binabasa ko ang ganitong kampanyang ekolohiko para sa Lungsod ng mga Puno bilang diskurso, isang “minority literature,” gamit ang mga konsepto nina Deleuze at Guattari.

Una kong nakilala ang pilosopiya ni Félix Guattari sa gawa niyang “Ang Tatlong Ekolohiya.” Naging gabay ang kanyang pilosopiya sa *Susog Salog: The Naga River Arts and Culture Initiative*, na isang manwal sa pagtuturo na isinulat namin ni Dennis Gonzaga para sa kampanya ng pagsagip sa Ilog Naga. Sinasariwa ni Guattari ang klasikong Marxismo ukol sa lipunan at daigdig ngunit gamit na ngayon ang lenteng pang-ekolohiya. Kung tinutukan ni Marx ang tunggalian ng uri batay sa kalagayan ng daigdig noong panahon niya, ipinakita naman ni Guattari ang ganitong tunggalian sa konteksto ng ekolohiya, dahil sa may posibilidad na nga ngayong maglaho ang kasaysayan ng tao (10). Tinutukoy ng tatlong ekolohiya ni Guattari ang pangkaisipan, panlipunan, at pangkalikasan, nang hindi nagiging limitado sa romantikong pagmamahal lamang sa kalikasan ang ikahuli (34). Nananawagan siya sa sangkatauhan na huwag malimitahan sa pagtatanggol lamang ng kalikasan ang kampanyang ekolohiko, bagkus, kailangang maglunsad ng opensiba para rito (246) upang mailigtas din ang sarili (147).

May ilan pang konseptong pinalilitaw sina Deleuze at Guattari sa kanilang pag-aaral kay Kafka na mahalaga para sa kampanyang pang-ekolohiya sa Lungsod Naga. Ilan lamang ang tatalakayin ko rito, at hindi maiiwasang maging mga pauna lamang silang tala: ang mala-diyablong estruktura ng paparating, ang risoma, ang papel ng sining at kultura, ang etika ng saya (*ethics of joy*), at ang kinagawiang pag-iisip para sa papasapit-palang-na-mga-tao (*habits of the mind for a people-yet-to-come*).

Mala-Diyablong Estruktura

Maaaring gamitin bilang pagsasakonteksto ng kampanya para sa ekolohiya ang konseptong tinawag nina Deleuze at Guattari na “diabolikal na kapangyarihan... hindi bilang panlabas na atas, bagkus bilang diabolikal na kapangyarihan na paparating” (1986, 12). Sa pag-aaral nina Deleuze at Guattari, tinutukoy nito ang mga makinarya ng estado ng Germany ng mga Nazi, ang burukrasya ng Russia, at ang kapitalista at teknokratikong

United States (57). Sa kampanya upang iligtas ang ekolohiya ng Naga, ang diabolikal na kapangyarihan ng hinaharap ay ang kaisipang antroposentriko, elitista, at binary ng mga taong-gobyerno, lalo na ng DPWH, DENR, lokal na pamahalaan (LGU), kasabwat ang malalaking negosyo, mga ilan sa mass media, at mga kasamahan naming ilang karaniwang tao. Masasalamin ang ganitong kalakaran ng pag-iisip sa mismong mga naging pahayag nila sa mga video na mapapanood sa Facebook page ng They Grey, We Green at Save 651.

Ganito ang naging takbo ng mga pahayag ng DPWH: “Dai nindo ako kan sustainability sustainability na ‘yan. (Huwag ninyo akong sabihan ng sustainability sustainability na ‘yan).” “Amin ang mga daan.” “Hindi kakayananing isama ang mga puno sa disenyo ng daan.” “Palalaparin namin ang mga daan at kailangang alisin ang lahat ng masasagasaan, gusali, poste, puno. Ganito naman sa DENR: “Sa DPWH ang mga pambansang daan.” “Urban island effect? Parang narinig ko na ‘yon.” Ngunit galing sa mga opisyal ng LGU at mga pinuno ng mismong Komite ng Kalikasan ang pinakamatinding dagok. Kung nagpasya ang LGU na sagipin ang mga puno ng Naga noong 2012, limang taon lamang ang nakalipas at may resolusyon na silang ganito ang sinasabi: “We have no objection to the cutting of any kind of affected trees. (Hindi namin tinututulan ang pagputol sa anumang uri ng puno [na apektado ng pagpapalapad ng daan]).” Sa isang paghaharap, kinumpirma ng isang developer ang suspetsa ng mga tagapagtaguyod ng kampanya para sa ekolohiya na pinapalawak ang mga daan hindi lamang upang mabawasan ang trapiko ngunit bilang suporta sa pagtayo ng mga pabrika sa watershed ng Naga sa paanan ng Bundok Isarog.

Nililibak din ng mga kaalyado ng mga puwersang diabolikal ang mga tagapagtaguyod ng kampanya na tila krimen ang maging environmentalista, pinaratangang mga “armchair environmentalists” lamang na hindi nagtatanim ng puno, at pinagbintangan pang kalaban ng progreso. Binary ang pag-iisip nila sa daan/puno. Itinutumbas ang malapad na daan sa progreso dahil para sa kanila, magdadala ang daan ng mas magandang ekonomiya para sa sapiens. Dagdag pa rito, nakadiseno ang mga daan para lamang sa mga sasakyan at hindi ininda ang kapakanan ng karamihang naglalakad o walang sasakyan, na isa lamang patunay ng elitistang kaisipan. Bilang halimbawa, nang tanungin ng mga tagapagtaguyod ng kampanya ang mga inhinyero ng DPWH kung saan sasakay at bababa ang mga bata sa isang paaralan kung saan pinalalapad ang daan, “Sa kalye!” ang naging sagot nila. Wala silang anumang probisyon para sa bay area at waiting shed para sa mga pasahero ng dyipni, na maaari sanang may masilungan kung may natitira pang mga puno.

Sabi ni Guattari, kahit kailan daw ay hinding-hindi maiintindihan ng mga nabanggit na pangkat ang buong kahulugan ng mga isyung pang-ekolohiya.

Kahit nakadadalo sila sa mga seminar at may mga programa pa para sa pagbabago ng klima at disaster risk management, nananatiling teknikal at teknokratiko ang lapit ng gobyerno sa mga isyu ng kalikasan, sa halip ng mas nararapat na etiko-politikal na palahugpungan ukol sa kalikasan, ugnayang panlipunan, at kamalayang pantao, o ekosopiya (ecosophy) (Guattari, 33-35). Bilang mga antroposeno, ganito ang kanilang kinagawiang pag-iisip: patayin o mapatay (ng puno!); makasarili at utak na ubusang-mamimili (consumerist); pagsasamantala at hindi pangangasiwa (gamitin ang kalikasan para sa tao), at; kalaban ng tao ang kalikasan.

Sa kasamaang palad, naisaloob na ng mga tao at pinananatili pa ng teknolohiya ang ganitong nakasanayang uri ng pag-iisip. Nang nagtuturo pa ako noong dekada 1980, larawan ng kaunlaran para sa mga mag-aaral ng Development Communication sa Ateneo de Naga ang mga sasakyang nagliliparan sa expressway, matatayog na gusali, gintong arko, mall, at dolyar. Anong uri ng progreso ang taglay ng ganitong larawan ng kaunlaran, lalo na para sa mga mahirap? Makatapos ang tatlumpu't limang taon mula noon, namasdan ko ang walong taong gulang kong apo na naglalaro ng video game ng henerasyon ng nanay niya, ang SIM City. Nilalagyan niya ng mga puno ang magkabilang gilid ng mga daan niya, inilalagay ang kapitbahayan malapit sa mga puno, at pinalilibutan pa ng puno ang mga pabrika at pagawaan upang masangga ang polusyon nito. Gusto niya sanang magtayo ng maayos na sistema ng sewerage at basura sa simula pa lamang ng laro ngunit hindi ito naging posible sa libreng bersiyon niya ng SIM City; kailangan daw niyang hintaying lumaki ang populasyon at abangan ang mas mataas na antas ng laro. Naghanap din siya ng pagmumulan ng kuryente ngunit mas magastos pa ang solar kaysa sa hindi sustenibleng planta ng uling. Nagreklamo siya na dinagdagan ng stoplight ang lungsod niya kahit hindi naman niya ginusto, at hindi siya makalikha ng mga kurbadang daan, mga tuwid lamang na daan ang pinahihintulutan sa loob ng isang grid. Kung iisipin, maari namang lumikha ng lungsod sa mula't mula pa sa loob ng nasabing larong video, ngunit nililimitahan ang paglikha ng teknolohiya at ng konseptong Kanluranin ng nag-imbento ng laro: halimbawa, na dapat ngang matataas ang gusali at kuwadrikular ang daan sa lungsod.

Tulad ng sa video game, kapit na kapit sa makaluma at hindi sustenibleng pamamaraan ng pag-iisip, lalo ang mga awtoridad. Duda akong mababago pa ang mga mala-diyablong puwersang may-kapangyarihan, kaya't mas dapat na ilantad ang maling pag-iisip nila, malikhaing puksain ang kanilang uri ng pag-iisip, at palitan ang mga nakaluklok sa gobyerno upang mapalakas ang mas sustenibleng paraan ng pag-iisip. Dapat na tutukan din ang pag-aaral at pagtuturo, at matuto na rin sa mga bata, para sa anumang naiiba at hindi-nakakahon na pag-iisip nila kung mayroon man. Gayumpaman, kailangang

maging ekosopiko sa gawaing ito. Naaalala ko rito ang *Ender's Game* ni Orson Scott Card kung saan nangalap ng mga batang magaling maglaro ng video game upang gamitin sa digmaan laban sa mga extra-terrestrial (alien).¹ Maari ring matuto sa konsepto ng biomimicry, ang pag-aaral ng “pinakamahusay na konsepto mula sa kalikasan upang tularan ang mga disenyo at proseso nito sa paglutas ng mga suliranin ng tao” (Biomimicry Institute).

Ang Risoma

Bilang sagot sa pagputol ng puno, lumitaw ang mga risoma para sa ekolohiya ng lungsod. Pamilyar sa mga nag-aaral kina Deleuze at Guattari ang pagpapakahulugan nila sa risoma bilang “non-hierarchical, horizontal multiplicities which cannot be subsumed within a unified structure, whose components form random, unregulated networks in which any element may be connected with any other element.” Iba ito sa “arborescence,” ang estruktura ng pag-iisip na mala-puno na “hierarchical, stratified totalities which impose limited and regulated connections between their components” (Bogue, 107). Kabisado natin ang putakti at orkidya, o ang parang walang humpay na pagtubo ng carabao grass bilang mga metapora ng risoma. Ngunit mas maiintindihan ng mga Pilipino ang kamote bilang imahen ng risoma, ang “mala-ugat na tangkay sa ilalim ng lupa na kapwa may ugat at usbong” (62) na ginamit ng Pilipino-Australyanong manunulat na si Merlinda Bobis. Isang nakakaaliw na balintuna na palatandaan ng kampanya sa pagsagip ng mga puno ang risoma. Malugod na pagkilos din ito para sa ilan sa aming tagapagtaguyod ng kampanya para sa ekolohiya na hindi na nanatili sa estrukturang mala-puno at mga engrandeng naratibo ng kilusang anti-imperyalista at anti-pasista, at ngayo’y kumikilos nang boluntaryo tulad ng mga nag-EDSA 1986 laban sa daluyong ng pasismo. Kusa at walang namumuno, nakapagpasulpot ang kilusang luntian ng mga risoma mula sa iba’t ibang antas ng lipunan: hindi lamang mga environmental scientist at tree hugger, kung hindi mga mountaineer at biker at blogger na rin; mga guro hindi lamang ng agham ngunit maging ng panitikan, sining, agham pampolitika, pilosopiya, at yoga; mga manggagawa sa sining tulad ng manunulat, arkitekto, musiko, at pintor; mga manggagamot, abogado, magsasaka, mag-aaral; mga tahimik o pinapatahimik na empleyado mismo sa loob ng lokal na gobyerno; kasama na ang ilang mga makabayan at ang mga

¹Biomimicry Institute. “What is Biomimicry?” 2007-2011. Web. 7 Marso 2011. <http://www.biomimicryinstitute.org/about-us/what-is-biomimicry.html>.

sariling-hayag na mga anarkista. Walang herarkiya, walang demokratikong sentralismo, walang linyang pampolitika, mga linya ng paglipad lamang.² Tanging ang pagsagip sa mga puno at ang kabuoang ekolohiya ang batayan ng pagkakaisa sa *ngayon*. Binubuhay ng kampanya ang risoma sa komunidad.

Hindi ko dito balak lumikha ng isa pang binary ng risoma/puno,³ dahil tanggap naman naming mga tagapagtaguyod ang iba't ibang uri ng estruktura para sa kampanya. Ngunit nakikita ko na liban sa pagpaparami ng mga tagapagtaguyod ng ekolohiya sa pamamagitan ng pag-ugat at pag-usbong, una, sa bilang ng mga tao, makikita rin ang risoma sa nagdaragdag at lumalawak na panawagan tulad ng: 1) #pedestrianize Naga na may mga puno sa bangketa, 2) ipagbawal ang isang-gamitan lamang na plastik, 3) unahin ang imprastruktura para sa paglilinis ng mga sapa at ilog, at ang para sa maayos na pangangasiwa ng basura, 4) tutulan ang balak na pagtayo ng mga pabrika sa watershed ng Naga, 5) usisain ang katotohanan ng pahayag ng lokal na gobyerno na may transparency, people empowerment, at good governance daw ito, at 6) suriin at talakayin ang umiiral na konsepto ng kaunlaran na may pagkiling sa malakihang kalakalan at mall. Nakatulong ang kampanya na gisingin ang Naga City People's Council. Ngunit saka lamang namin napansing kumikiling ito sa LGU na siyang pumupondo rito.

Sining at Pilosopiya

Tinutukan nina Deleuze at Guattari ang sining at pilosopiya bilang makina ng paglikha: “Art and philosophy converge at this point: the constitution of an earth and a people that are lacking as the correlate of creation” (Carlin, 54). Unang sumulpot ang risoma sa maliliit na pagkilos, mga apela sa lokal na gobyerno na alagaan ang puno, ang pagtanim ng maliliit na puno sa naging mala-disyertong Magsaysay Avenue, tree-sitting, fora at kampanya sa social at mass media, pagsampa ng kaso laban sa DPWH at DENR, mga

²“A ‘line of flight’ is a path of mutation precipitated through the actualisation of connections among bodies that were previously only implicit (or ‘virtual’) that releases new powers in the capacities of those bodies to act and respond.” (Young, 147).

³Baka nga hindi na puno ang pinakaakang talinghaga para sa istrukturang hierarchical, ngayong may mga siyentipikong pag-aaral ng mga pagkakaugnay-ugnay nila, tulad ng “How trees talk to each other” ni Suzanne Simard sa TED Talks, <https://www.youtube.com/watch?v=Un2yBglAxYs> and “The Wood Wide Web: How trees secretly talk to and share with each other” sa BBC News, <http://thekidshouldseethis.com/post/the-wood-wide-web-how-trees-secretly-talk-to-and-share-with-each-other>.

diyologo, at pagbigay ng mga panukalang disenyo ng daan na may pagkandili sa mga naglalakad, nagbibisikleta, at sa mga puno. Nagkaroon ng mga gawain sa sining at kultura sa pamamagitan ng mga petisyon, tula, dula, text, at pribadong mga mensahe sa lokal na pamahalaan at ahensiya, guhit ng mga bata, harana, at sayaw sa puno, slogan-sa-lasong itinali sa mga punong namarkahan nang puputulin, at walang paltos na mga meme.

Tungkol naman sa mga meme, isa sa mga panawagan ni Guattari ang isang bagong sistema ng simulain na “itutulak ang mga lipunang kapitalista mula sa panahon ng mass media tungo sa panahong *post-media* kung saan babawiin ang media ng marami at iba’t ibang grupong may sari-saring interes” (144). Saksi tayo sa panahong post-media sa World Wide Web, lalo na ang social media. Malaki pa rin ang papel ng kapitalismo sa digital age dahil sa pagtitinda ng mga kompyuter at sa nakaabang na pasismo. Ngunit may naaninaw na pagbabago, ang *multitude of subject-groups* ni Guattari, halimbawa, sa pamamagitan ng mga meme sa politika na nakakamulat, nakakapagpakilos, at nakakatulong pa nga na pabagsakin ang katiwalian sa Pilipinas.⁴ Ginagamit ang mga ito sa kampanya laban sa malawakang pagpuputol ng puno. Kuwentuhan at pagbabasa ng tula, group chat, social media, at mga slogan ng alyansa na unang nagkaisa dahil sa pagkawala ng higit sa limampung matandang puno. Magiging bahagi ito ng kasaysayan ng Panitikang Bikol sa ika-21 siglo, na kasalukuyang dumaraan sa tinatawag na Bikol Renaissance. Kasaysayan ito ng isang panitikan ng minorya sa isang isinasantabing bansa sa daigdig. Walang kanon o bantog na manunulat tulad ni Shakespeare sa Great Britain o Goethe sa Germany ang panitikan ng minorya; ngunit may gamit itong politikal, panlipunan, at pang-kolektibo, at “nagsisilbing sentro ng kolektibong buhay ng isang grupo, at hindi man nalulutas ang mga suliraning panlipunan, nagbibigay ng lagusan upang mapahayag ang mga tunggalian dito (serves as the focus of an ethnic group’s collective life and, without solving social problems, provides a medium in which conflicts may be articulated)” (Bogue, 116). Kaya’t tumbok ang sining at kulturang Bikol sa pagpapakahulugan ng panitikan ng minorya nina Deleuze at Guattari, at bahagi ang sining at kultura ng kampanya sa kasalukuyang kasaysayan ng lungsod at rehiyon. Ipapakita ng kasaysayan na matapos mailagak ng dating mayor na si Jesse M. Robredo ang Naga sa pambansa at pandaigdigang mapa para sa mahusay na pamamahala at

⁴Tingnan halimbawa ang “Make lulz, not war: How online remix and meme culture are empowering civic engagement in the Socialist Republic of Vietnam” nina Patrick E. Sharbaugh at Dang Nguyen https://www.academia.edu/5782060/Make_lulz_not_war_. Retrieved 12 February 2015. Sa Pilipinas, nakatulong ang mga mema tungkol sa PDAF na baguhin ang pananaw ukol sa ilang senador at kongresista.

pagbibigay-kapangyarihan sa tao, tinalikuran naman ang mga prinsipyong ito ng mga sumunod na lokal na gobyerno.

Etika ng Saya

Mahalagang susi raw ang katatawanan o sense of humor upang maintindihan ang kaisipang politikal sa mga akda ni Kafka, ayon kina Deleuze at Guattari. May kaisipang pumapatungkol sa “etika ng saya” si Deleuze na nakaugat sa kakayahan ng katawan na pumasok sa mga bagong ugnayan (Porter, 23).

Nagsimula sa lungkot, galit, at pangungulila ang kampanya para sa mga itinumbang puno ng Naga, ngunit namamarkahan din ito ng kasiyahan at katatawanan, ang pagkakabuklod ng mga sapiens na binansagan ang sarili na *The Lorax* mula sa aklat ni Dr Seuss, sa mga pagpupulong at pagbisita sa korte, at sa pagsasalo-salo sa mga kainan at sa mga luntiang ilihan ng mga tagapagtaguyod ng kampanya para sa ekolohiya. Mas mahalaga, may kasiyahan sa paglilikha ng “iba’t ibang uri ng kaisipang mapanuri at malikhain (a diverse range of critical and creative ideas)” (Carlin, 57). Katulad ng pagbasa nina Deleuze at Guattari kay Kafka, kung saan inusisa ang kakatwang pagmamalabis ng kapangyarihan ng mga awtoridad, nagkakaisa rin ang mga tagapagtaguyod ng kampanya sa pamamagitan ng pagbibiro at meme ukol sa kahunghangan ng ilang tauhang paternal na itinuturing ng iba na awtoridad (Porter, 24).

Bagong Kagawian ng Pag-iisip para sa People-Yet-To-Come

Mungkahi ng tatlong ekolohiya ni Guattari ang paghahanap ng naiibang kaisipan upang mapangibabawan ang kapangyarihan ng kapitalismo sa panlabas at panloob na daigdig natin, upang makahulagpos tayo sa kinagawiang diskursong nakakapagpahimbing (to ‘kick the habit’ of sedative discourse). Idinidiin niya na “dapat laging nagbabago, nagsisimulang muli, kung hindi ay mauulit at mauulit lamang ang mga prosesong nakamamatay (continually reinvented, started again from scratch, otherwise the processes become trapped in a cycle of deathly repetition)” (Guattari2, 39).

Nananawagan sina Deleuze at Guattari para sa mga bagong paraan ng pag-iisip tungkol sa konsepto ng sostenibilidad sa harap ng masalimuot na buhay at nakakabalising pagbabago ng klima. Hindi lang dapat maging sustainable ang pagkilos; kailangan ding matutong maging sustainable ang pag-iisip. “Kailangang maintindihan natin na gawain din ang pag-iisip, at maintindihan na ang sustenibleng pag-iisip, pagkakatuto na dapat iba na ang pag-iisip natin tungkol sa ating sarili, ang ating mga pagiging, at ang ‘sustainability’ bilang konsepto.” (Carlin 54). Dapat nating ilahad hindi lamang ang klasikong katanungan ni Lenin na “Ano na ang gagawin?”, bagkus ay ilahad din natin ang tanong na pang-ekolohiya na “Ano ang nagagawa nito?” (Carlin, 73). Kailangan nating punahin ang karaniwang pagpapakahulugan ng Kanluran sa kaunlaran na kakabit ng malalapad na daan at matatayog na gusali, at lalo na sa mga pamamaraan ng pagkamal ng kita nang walang pasubali sa kalikasan. Ngunit kailangan din nating laging maging bukas ang isip sa mga tanong, puna, at malikhaing muling pagsasadalamat sa isyu.

Iniiwasan ng dalumat ng “a people-yet-to-come” nina Deleuze at Guattari ang mga kinagawiang kaisipan at kaalaman; sa halip, isinusulong nito ang pagkamalikhain. Naririto na raw, ayon sa kanila, ang “a people-yet-to-come.” Sa halip na isipin ang potensiyalidad o kapasidad sa malayong hinaharap, hinihiling nina Deleuze at Guattari na pansinin ang naririto na, ang mga pangyayari sa kapaligiran at isinasaloob natin (“potentiality in what is immanent, in the already-existing processes of becoming around us and indeed, throughout us, here and now”) (Carlin, 50). Kung ituring ang mga taga-Naga bilang mga “people-yet-to-come,” binibigyang halaga natin ang pagkatuto bilang proseso ng pagbabago, ng mga bago at iba’t ibang pamamaraan ng pag-iisip at konsepto para sa isang bagong daigdig at mga taong hindi pa naririto (1994, 108).

Ito ang itinataguyod ng mga boluntaryo ng sumisibol na Koalisyong Luntian, bagong uri ng pag-iisip na sinasakop hindi lang ang mga tao bagkus pati ang mga di-tao, may-buhay o walang-buhay, at hinaharaya ang bagong paraan ng pakikisama sa daigdig ng lahat ng nilalang. Unti-unti naming iniwan ang aming mga literal na comfort zone upang sumabak sa pagkilos sa lipunan bilang mga tapagtaguyod ng kampanya para sa ekolohiya. Binabago namin ang kinagawiang pag-iisip at pagkilos upang isama ang naiibang mga idea para sa nagbabagong kalagayan. Kinikilala namin ang aming pagiging *schizoid* at pinupuna ang sarili sa paggamit ng mga sasakyan, sa pagkonsumo, sa pamamahala sa basura at iba pa sa proseso namin ng “pagiging” (*becoming*). Nagsimula kami sa larawan ng Lorax ni Dr. Seuss bilang pagkilala sa henerasyon na nagsimula ng kampanya, at kumambiyo sa binary ng “They Grey We Green” o “Gana Berde, Abo Pyerde.” Sa tingin ko’y kinailangan ang binary ng berde/abo bilang unang hakbang gayong nasa sangandaan

ngayon pagkatapos ng pagpuputol ng mga puno noong 2017. Kailangan noon ng agaran at palaban na pakikialam sa mga nangyayari, at mayaman sa epektong pamukaw ang islogan. Lumawak na ito upang tumanggap ng mga bagong kaisipan at pagkilos sa ugnayang risomatiko mula sa Save 651, Institute for Environmental Conservation and Research ng Ateneo de Naga University, Komunitree, Kaddlagan, Saving Naga's Trees, Sumaro sa Salog, at mga manggagawa sa kultura ng Mga Aninipot sa Tahaw kan Salog, Sangre de Naga, Kabulig-Bikol, at ang mga abogado ng Saligan tungo sa pagiging mas mapag-aruga sa tao at di-tao, buhay at di-buhay na mga puwersa na bumubuhay sa atin. Nakikita ko na maaring gumitaw pa ito tungo sa isang pampolitikang puwersa para sa pangkalikasang pakikibaka ng lungsod, o sa iba pa. Kaya't oo, kailangan pa ng militanteng pagkilos, ngunit naiiba at bagong mga uri ng pagkilos batay sa bagong pag-iisip, siyentipikong pag-aaral, at bagong mga tanawin sa ekosopiya nina Guattari at Deleuze (Herzogenrath, 10).

Sa huli, habang pinapansin na wasto at makatuwiran pa rin ang pagsusuring Marxista ng mga uri, nananawagan si Guattari para sa mga bagong simulain upang maglingkod sa sangkatauhan, isang sistema na hindi nakaugat sa salapi, bagkus ay sa panlipunan at pang-estetikang pakinabang na maaaring payamanin ang sangkatauhan sa pamamagitan ng proseso at matulungan na makaligtas ito sa krisis pang-ekolohiya at panlipunan (145). Napakarami pang dapat gawin upang ikintal ang simulain na ito sa panahon ng *selfie* sa isang lungsod na hindi man lamang natututo sa mga negatibong aral na dulot ng megacity sa Kamaynilaan, na ngayo'y nararanasan ang sinambit ni Bateson, "Natututunan natin sa masaklap na mga karanasan na ang organismong sumisira sa kalikasan nito ang sumisira rin sa sarili." (491).

Bilang pagbuod, nakikita ko ang mga konsepto nina Deleuze at Guattari bilang tatak ng kampanya sa pagsagip ng mga puno at ekolohiya ng Naga. Maari ring ikawing ang mga konseptong ito sa pagbunyag at pagtutol sa diabolikong kapangyarihan ng mga burukrata sa gobyerno na dala ang kinagawiang pag-iisip na binary, elitista, at antroposentriko. Dapat ring isiping muli ng mga tagapagtaguyod ng kampanya para sa ekolohiya ang sariling konsepto ng sostenibilidad, gamit ang tatlong ekolohiya upang maiwasan din ang patibong ng sariling kinaugaliang pag-iisip, maghawan pa ng mga espasyo upang lumitaw ang iba pang risoma, at makipagsagupaan, *engage-disengage*, sa paraang risoma sa mga gawain sa sining at kultura sa masayahing paglikha, upang maging mga taong sasapit, lungsod na sasapit, at malay natin, kasama ang iba pang ugnayang risomatiko mula ekolohiya patungo sa politika, isang bansang Pilipinas na sasapit.

Mga Sanggunian

- Bateson, Gregory. *Steps to an Ecology of Mind*. University of Chicago Press, 1972.
- Bobis, Merlinda. "Tahao/Middle Road: From Imagining Nation to Embodying Transnation." *Plaridel* 13. 1: 46-70, 2016.
- Bogue, Ronald. *Deleuze and Guattari*. London: Routledge, 1989.
- Carlin, Matthew and Jason Wallin. *Deleuze & Guattari, Politics and Education*. Bloomsbury, 2014.
- "Court stops tree-cutting for Naga road projects." *Philippine Daily Inquirer*, August 12, 2017.
- Deleuze, Gilles and Felix Guattari. *Kafka: Toward a Minor Literature*. Translated by Dana Polan. Minneapolis, MN: University of Minnesota Press, 1986.
- Guattari, Felix 1. *The Three Ecologies*. Translated by Chris Turner, Material Word. *New Formations* 8: Summer 1989.
- 2. *The Three Ecologies*. Translated by Ian Pindar and Paul Sutton. London and New Brunswick, NJ: The Athlone Press, 2000.
- Herzogenrath, Bernd, ed. *Deleuze|Guattari & Ecology*. Palgrave Macmillan, 2009.
- Porter, Robert. *Art and Culture for the Ecology: Aesthetics and Politics*. Cardiff: University of Wales Press, 2009.
- Young, Eugene B. *et al. The Deleuze and Guattari Dictionary*. Bloomsbury Academic, 2013.